# 1

Hindi maipinta ang expression sa mukha ni Julie Floirendo matapos niyang basahin ang natagpuang sulat sa tokador. Panic and despair seemed inadequate words to describe the state she was in.

Galing ang sulat sa roommate at pinsan niyang si Eliza. Ikakasal na ito in two weeks pero kung paniniwalaan ang nilalaman ng sulat, walang kasalang magaganap.

"Oh, God. Ano'ng gagawin ko?" Tulala at nanlalambot siyang napaupo muli sa kama as the letter slipped from her fingers and fell on the floor.

Kaya pala kakaiba ang ikinikilos ni Eliza the past few days, naisip niya habang nakasubsob ang mukha sa dalawang kamay.  Para bang may itinatago itong sekreto. Mula nang nakilala nito ang choreographer na iyon about a month ago—si Vince—she knew somehow bad news was not far behind.

Sumama si Eliza kay Vince sa Hong Kong for a modeling project, so she said. May mga kakilala raw ang lalaki na designers at mga bigwigs ng ilang modeling agencies doon at irerekomenda

raw ito ng lalaki para sa inaasam na international stint sa fashion industry. Eliza also mentioned that she has fallen madly in love with Vince, kung kaya imposible para sa kanya na kumbinsihin itong bumalik sa dating fiancé. Lastly, ibinilin na sa kanya ang pagpapaliwanag at paghingi ng paumanhin sa lahat ng kinauukulan—sa pamilya, mga kaibigan, kay Greg.

Si Greg Allen Buencamino...

Paano nagawang iwan na lamang basta ni Eliza ang binata? Alam niya kung gaano nito kamahal ang pinsan niya. Her parents and friends approved of him dahil bukod sa mabait at maalaga, he was this thirty-two-year-old successful Executive Director ng isa sa pinakamalaking advertising agency sa bansa. To top it all, saksakan ito ng guwapo. What more could a woman ask for?

Unti-unting napalitan ng inis at galit ang initial shock na nanaig kay Julie. How dare her cousin think na kaya niyang pagtakpan ang kabulastugang ito? How could Eliza even imagine na masisikmura niyang maging daan ng pasakit para sa lalaking kanyang minamahal?

Isang malalim na buntong-hininga ang kumawala sa bibig niya as she stood up para simulan

ang kanyang morning rituals, kahit na mas gusto na lang sana niyang mahiga muli and pretend that none of these were happening.

Oo, mahal niya si Greg. Minahal na niya ito halos kasabay ng unang beses na makilala niya ito almost a year ago. Masakit para sa kanya nang maging magkasintahan ang mga ito. Masakit para sa kanya nang mapabalitang ikakasal ang dalawa at siya ang napiling magdisenyo ng mga damit ng buong entourage. At lalong masakit para sa kanya ngayon ang sabihin sa binatang tinakbuhan na ito ng babaeng pakakasalan dapat nito.

Habang nagmamaneho patungong Libis ay patuloy ang pag-iisip ni Julie ng course of action. What if mag-print na lang siya ng sulat, i-forge niya ang pirma ni Eliza at ipadala iyon kay Greg? That way, hindi niya kailangang harapin ang lalaki.

No, he would surely seek her out for an explanation. Wala siyang lusot doon.

What if, kunwari ay nakaalis na si Eliza paggising niya at hindi niya alam kung saan nagpunta at anong oras ito uuwi?

Tama! Iyon ang sasabihin niya kapag tumawag si Greg at nagkataong siya ang makasagot sa telepono.

Pero paano bukas? At sa mga araw pang darating? Alangan namang huwag na siyang sumagot ng telepono forever? Hindi niya kayang panindigan ang pagsisinungaling. She was such a bad liar; mabibisto siya kaagad at the first attempt.

She tapped her pencil on her sketch pad while thinking deeply. Eh, kung mag-disappear na lang din kaya siya and let them all sort this out by themselves?

"Mabait naman ako, Lord, bakit ako pa?" she groaned.

"Ano'ng sinabi mo?" Gulat na napalingon sa kanya ang best friend at business partner na si Adelle.

"Ha?" Nagulat din siya at hindi niya ini-expect na naibulalas niya iyon nang malakas. "Wala, may iniisip lang ako."

Muli niyang binalikan ang ginagawang design para sa summer collection ng *Fashionista*, ang boutique na pag-aari nilang magkaibigan.

"Alam mo, kanina ko pa napapansin na distracted ka eh," puna muli ni Adelle habang humihila ng isang upuan palapit sa mesa niya. "Wanna talk about it?"

Nagbuntong-hininga siya kasabay ng isang

malungkot na iling. “Hay, naku, Adelle, you wouldn’t want to be in my shoes right now.” Ibinalita niya rito ang mga pangyayaring nagsimula ng kanyang umaga.

“Ano ba ang pinsan mong iyan, Julianna Angela? Mula nang tumira sa iyo ’yan, wala ka nang ginawa kundi magpakamartir!”

Tumayo ang kaibigan at tumungo mas malapit sa bintana para magsindi ng sigarilyo.

Sinundan niya ito and leaned against the wall. “Hindi naman ako martir.” She started to bite her fingernails.

“Ano’ng hindi?” Tinampal nito ang kanyang kamay para patigilin siya sa ginagawa. “Alam natin pareho kung gaano ka-impulsive si Eliza, at kung gaano din ka-immature, considering she’s almost three years older than you. Every time she does something stupid, ikaw ang gumagawa ng paraan para maituwid o mapagtakpan ang kalokohang nagawa niya,” umpisa nitong litanya.

“Take for example n’ung kunin natin siya para mag-model ng bagong line natin ng accessories.” Naupo ito after stubbing out her half-smoked cigarette at saka itinuloy ang panenermon. “Hours

before the shoot, nawawala siya samantalang the night before, siya pa ang nag-confirm sa atin ng call time at venue para hindi daw siya ma-late or maligaw."

"But…" Julie began bago siya muling siningitan ni Adelle.

"And I remember what you said pagdating mo sa studio, na kinailangan niyang umuwi sa Batangas dahil may sakit ang nanay niya."

"Totoo namang may sakit noon si Tita Lily." Bumalik siya sa kinauupuan.

"May sakit, pero hindi matter of life and death. As it turned out, hindi din talaga siya nagpunta sa Batangas. She had another project that paid her just a tad higher than what we would've paid her." Tumirik ang mga mata nito. "Julie, magkaibigan na tayo mula high school at sa tinagal-tagal ng friendship na ito, kilala na kita kapag tina-try mong gumawa ng excuse. You can't lie, not even to save your life."

"Okay, fine!" She threw up her hands in defeat. "Pero hindi pa rin natin naso-solve ang problema ko."

"Natin? Kasali ako?" Pinanlakihan siya ng mga

mata ng kaibigan.

"Adelle, please…" Inabot niya ang kamay nito para magmakaawa nang tumunog ang cellphone na nakapatong sa mesa niya. She stared at it, her eyes full of dread.

Cellphone iyon ni Eliza. At si Greg ang caller.

"Sagutin mo na, and get it over and done with." Pinulot iyon ni Adelle, pinindot ang answer button at saka idinikit sa tainga niya.

"H-hello?" Sobrang lakas ng kabog ng dibdib ni Julie that she was almost sure na naririnig na iyon ng kausap.

"Good morning, sweetheart!" magiliw na bati ng binata.

Despite the grave situation she was in, napatalon ang puso niya nang marinig ang endearment. "Um... Greg, si Julie ito."

"Oh! Hi, Julie! Si Eliza?"

She looked helplessly at Adelle.

*Tell him*, Adelle mouthed.

"Uhm… Eliza's not here," umpisa niya.

"Naiwan na naman niya ang phone niya," he concluded then proceeded to leave a message. "Julie, favor naman. I need to run to Tagaytay today for a conference, and likely hindi ako makatawag ulit as I'll be very busy so..."

"Greg—" she attempted to interrupt pero hindi siya narinig nito.

"...pakibanggit na lang sa kanya na tumawag ako. Pupunta na lang ako sa inyo tonight para magkita kami, okay? Thanks, Julie!"

Iyon lang at tinapos na ng lalaki ang kanilang usapan.

"Pupunta daw siya sa bahay tonight to see my cousin." Parang maiiyak na siya nang sabihin iyon.

"Lagot ka," naisagot na lang ng kaharap.

---

Daig pa ni Julie ang isang pusang di-mapaanak sa kaiikot sa loob ng apartment. Pinauwi na nga siya nang maaga ni Adelle dahil kahit sa trabaho ay hindi niya kayang mag-concentrate.

*"Kami na ni Egoy ang makikiharap kay Ken to finalize export terms,"* ani Adelle. *"Sa lagay mong 'yan, baka naibenta mo na sa Intsik na 'yun ang*

*business natin, hindi mo pa nare-realize kung ano'ng nagawa mo."*

So right after lunch, she left their office although hindi siya derechong umuwi sa bahay. Nagpalabuy-laboy muna siya sa shops sa Tiendecitas at Eastwood dahil hindi niya maisip kung paano papatayin ang mahaba pang oras ng paghihintay nang mag-isa sa kanyang apartment.

Mag-a-alas-nueve na ng gabi nang umalingawngaw ang tunog ng doorbell, hudyat ng pagdating ni Greg. Inhaling deeply para kalmahin ang sarili, tinungo niya ang pintuan para patuluyin ang bisita.

"Hi, Julie!" bati ni Greg bago humalik sa kanyang pisngi. "I brought you fruits."

"Salamat. Pasok ka, Greg, have a seat," paanyaya niya habang kinukuha mula sa lalaki ang basket ng pinya, melon at saging.

"I assume nag-aayos pa ang pinsan mo?" He smiled, making her heart do somersaults in her chest.

"Ah..." Hindi niya alam kung ano ang isasagot. "Wait lang, dadalhin ko lang ito sa kitchen. I'll get something to drink."

Halos tumakbo siya palayo. She felt the need to escape and was glad of the chance kahit ilang minuto lang. Nang maibaba ang mga prutas sa ibabaw ng mesa ay nagtimpla siya maiinom.

“Here, baka nauuhaw ka,” bungad niya pagbalik ng sala pero muntik na niyang mabitawan ang dalang tray na kinalalagyan ng pitsel ng orange juice at dalawang baso sa inabutan.

Hawak ni Greg ang sulat ni Eliza. Nawaglit sa isip niyang kinuha niya iyon mula sa kanyang kuwarto para paulit-ulit na basahin habang naghihintay sa pagdating nito, and she left it on the coffee table when she opened the door for him.

“Ano’ng ibig sabihin nito?” Walang galit sa boses nito, his eyes searched hers para sa kasagutan.

Napakagat siya sa labi to stop her chin from trembling bago siya naupo sa harap nito.

“Greg, naguguluhan din ako sa pag-alis ni Eliza,” mahinang tugon niya. “I woke up this morning and found that letter on my dresser. Kanina pa ako hindi mapalagay kasi hindi ko alam kung paano ko masasabi sa iyo na umalis siya. Hindi ko alam kung paano ko siya pagtatakpan…” Her voice trailed off.

Inilapag ng kaharap ang sulat sa mesa saka ito

nagtungo sa may French windows. Matagal itong tumayo lang doon, ang dalawang kamay nito ay nasa magkabilang gilid ng baywang. Nakatiim ang bagang nito, his breathing slow and heavy.

She knew he was hurting, pero hindi niya sigurado kung ano ang puwede niyang gawin para rito. Except maybe offer her consolation.

Ibinaba niya sa mesita ang kanina pa ay kandung-kandong na tray ng inumin at saka lumapit sa binata.

“Greg, I’m so sorry.” She reached out para ipatong ang kamay sa bisig nito.

Hindi ito agad sumagot pero nang tuminag ito finally, his reaction only succeeded in making her more puzzled over the situation.

Humarap ito sa kanya and hugged her tight. “Nag-aalala ka sa kanya, ano?”

She tilted her head to look up at him. *God, what should I give para ako na lang ang mahalin niya*, naisip ni Julie.

“Greg, di ko naiintindihan. Hindi ka ba nagagalit?”

“Galit… embarrassed… pero what’s the use kung

magwawala ako? Eliza still won't be back," anito. "Ang mas malaking inaalala ko ngayon is that pauwi na bukas ang parents ko from Amsterdam, at hindi ko alam kung paano ipapaliwanag na wala na akong fiancée na maihaharap sa kanila."

"Oh, no! Oo nga pala, I remember nabanggit ni Eliza na darating sila." She pulled away from him bago siya tuluyang makontento sa yakap nito. Muli siyang naupo. "Paano 'yan?"

"May naiisip akong paraan pero nakasalalay sa pagpayag mo kung makakalusot ang binabalak ko." Tinabihan siya ng binata.

"Ako? Ano naman ang kinalaman ko diyan?"

Greg stared at the woman in front of him long and hard. Napakaganda pala ni Julie, naisip niya. Small oval face, chinitang mga mata na napapalibutan ng makakapal na pilik, kutis na parang sa sanggol sa kinis, mga labing mamula-mula at hugis-puso. Kahawig ito ng dating katipan pero charming at may air of innocence ang features at expression sa mukha nito na sigurado siyang mas kagigiliwan ng kanyang mga magulang. Si Eliza kasi ay woman of the world—may bahid ng cynicism ang titig at ngiti nito.

Inabot niya ang dalawang kamay ng dalaga and held them in his own. “My parents have never really seen Eliza. Nag-e-mail ako dati ng photo pero medyo blurry. She looks so much like you so I’m thinking….”

Naputol ang sinasabi ng binata nang manlaki ang mga mata ni Julie. “Masamang biro ’yan, Greg!” She snatched her hand and moved away.

“Julie, hindi ko gustong basta sabihin sa kanila na tinakbuhan ako ng fiancée ko, baka atakehin sa puso ang dad ko! Please say yes.”

“Next next week na ang wedding. ’Wag mong sabihing pati iyon ii-stage natin!”

“We won’t have to, but you have to trust me. Hindi kita ipapahamak,” pagmamakaawa nito and went on to enumerate pointers sa pakikiharap sa magulang nito.

Julie nibbled on her fingers habang titig na titig sa binata. Parang script ng isang true-to-life telenovela ang kanyang naririnig. Si Greg ang writer, director, producer at leading man. Si Eliza ang leading lady at siya ang pangkaraniwang best friend ng leading lady—a candidate for Best Supporting Actress award.

“Nababaliw ka na yata.” Hindi siya makapaniwala

sa ideya nito.

"Pero aminin mo, walang ibang paraan kundi 'yung naisip ko." His eyes were dark with anticipation.

*Dear Lord*, naisip niya, *I can't believe I'm even actually considering this mad proposal.*

"I need a couple of days to fix some stuff at work," tahimik na sagot niya.

# 2

"Of all the stupid things you could ever agree to." Nakapamaywang sa harap ni Julie si Adelle na parang ina itong pinagagalitan ang anak. "Katangahan na nga ng pinsan mong takbuhan ang nobyo niya, 'eto ka namang pumayag sa charade na iyan dahil sa pakiusap ng lalaking iyon?"

"Adelle, what could I do?" Nagkibit-balikat siya. "Naaawa ako sa parents ni Greg, lalo na sa dad niya. Ayokong isapalaran ang health ng matanda dahil lang kay Eliza."

Tumirik ang mga mata ng kausap the way it usually would every time she was annoyed. "Alam mo, for someone clearly intelligent and extremely talented, ikaw din ang pinakagagagang beinte seis años na babaeng nakilala ko. Buti na lang maganda ka."

Pinanood niyang lumabas ng silid ang kaibigan, debating kung dapat na ba niyang aminin dito ang itinatagong damdamin para kay Greg. Iyon naman talaga ang dahilan kung bakit siya pumayag sa kalolokohang iyon. But she decided against it dahil naisip niyang kasalanan ang magmahal ng lalaking

supposedly ay katipan ng pinsan niya at dapat niyang i-suppress ang feeling na iyon. Binalikan na lang muli ni Julie ang mga iniimpakeng damit at gamit.

Dumerecho ang mga magulang ni Greg sa Vigan mula nang lumapag ang mga ito sa International Airport. Isang linggo ang ipinakiusap ng binata na pananatili niya sa ancestral home ng pamilya nito roon. Isang linggong pagpapanggap at pakikisama sa mga taong hindi naman niya kaanu-ano and would never even really be related to her. Isang linggong maaari niyang i-enjoy bilang kanyang hard-earned vacation, o kaya ay una at huling pagkakataon to live out her fantasy: that of being Mrs. Greg Buencamino-to-be.

"Ano'ng oras ka daw susunduin ng nobyo mo?" Sumandal sa bisagra ng pintuan si Adelle habang umiinom mula sa isang lata ng *Sprite*.

"He should be here any minute. Aalis kami by ten a.m. para umabot ng dinner time sa kanila." She zipped her bag close.

Pagkasabi niya nito, tumunog ang doorbell.

"Speak of the devil…" Adelle went off to answer it.

*Hinga nang malalim*, she commanded herself as she picked up her bags at muling iginagala ang tingin sa kabuuan ng kanyang kuwarto upang masigurong wala siyang naiwan. *You've already made your decision so this is no time to back out*, aniya sa sarili.

Halos tumigil ang pagtibok ng puso ni Julie nang lumabas siya ng kuwarto at makita ang bagong dating. She had never seen Greg in casual clothes before, parati lang naka-yuppie outfit—long-sleeved polo, tie and tailored pants. Ngayon ay naka-shorts, loose sports shirt, slippers at basa pa ang bagong-ligong buhok nito. He looked and smelled absolutely yummy.

"Ready to go?" salubong nito sa kanya.

"Okay lang ba na hindi ako nagdala ng formal na damit?" Buti na lang ay nakapagsalita pa siya.

"Casual's fine." Nginitian siya nito in a way that made her knees buckle. "Wala naman tayong pupuntahang formal occasion."

"How long ang biyahe?" tanong ni Adelle kay Greg habang pasakay sila ng elevator para bumaba sa basement parking ng gusali. Halos nalimutan na niyang kasama nila ito matapos mapatitig sa guwapong anyo ng binata.

“Mga ten hours, including traffic and stopovers,” sagot ng kanyang ‘nobyo’.

“O, siya.” Niyakap ni Julie ang best friend bilang pagpapaalam bago sumakay ng kotse. “Call me lang kung may mga importanteng bagay.”

“Ingat kayo,” Adelle waved them off. And don’t fall for him too much, dagdag nito sa isip habang tinatanaw ang papalayong sasakyan.

Adelle sighed as she turned back to the apartment to close it up for the week.

Hindi kailangang i-verbalize ni Julie sa kanya ang nasasaloob nito. She knew mahal nito ang binata, had loved him for a long time, and she, as the best friend, should be ready to cushion her fall when the time comes.

---

“We’re home, sweetie.”

Naririnig ni Julie ang boses ni Greg but it seemed to come from far away kaya sigurado siyang panaginip lang iyon. At any rate, he would not call her ‘sweetie’. And where was ‘home’ where the two of them were concerned?

“Julie?” Marahang dumampi ang palad ng binata

sa kanyang pisngi.

"Hmm?" She pressed her cheek against his hand bago niya na-realize na hindi galing sa panaginip ang boses na tumatawag sa kanya.

Bigla ang pagmulat ng kanyang mga mata.

"I'm sorry, masyado yatang napahimbing ang tulog ko." She sat up and rubbed her eyes. Medyo nagdidilim na dala ng pagdadapit-hapon kaya may ilang segundo bago naging accustomed sa kakaunting liwanag ang paningin niya.

"It's all right." Pinatay na nito ang makina ng kotse. Pababa na ito nang lingunin siya. "Shall we?"

Not trusting herself to speak dahil nag-uumpisa nang kumabog ang puso niya sa nerbyos, she just nodded her head and followed.

Nasa pintuan sila ng kabahayan at naghihintay na pagbuksan nang akbayan siya ng binata and pressed her to his side.

"I'm here, 'wag kang mag-alala," bulong ni Greg as he kissed her temple.

She stood there quietly, in her ivory white short-sleeved linen blouse and lemon-yellow capris, hardly daring to breathe.

"Ay, sus! *Napintas unay nga balasang!*" bungad agad ng ina ni Greg kay Julie nang matunghayan siya nito pagkabukas na pagkabukas ng pinto.

"Siyanga," mabilis na sumang-ayon ang ama ng binata. "Maganda ka sa litrato, but I didn't expect you to be so radiantly charming."

Namula si Julie. "Salamat po," she managed to respond.

"Ma, Pa, you're embarrassing my fiancée," singit ni Greg as he gave their bags to the waiting mayordomo and led her inside.

Hindi sanay na pinag-uusapan, she tried to change the topic. "Baka po may maitutulong pa ako sa paghanda ng dinner."

"Naku, don't bother, Eliza. Maupo ka na lang at magpakakomportable. I'm sure pagod kayo mula sa biyahe. Si Greg na ang tutulong sa akin. Mabuti nang masanay ang anak kong ito sa pagkilos sa kusina." Kinuha ng nakatatandang babae ang kamay ni Greg para yakagin ito.

She felt panic rose within her nang mawala sa tabi niya ito. Lalo pa nang si Mr. Buencamino naman ang kumuha sa kamay niya.

"Halika, kuwentuhan mo na muna ako habang nag-aayos sila ng hapunan natin," anito.

She turned pleading eyes toward Greg.

"See you at dinner." Pinaglapat nito ang kanilang mga labi at marahang pinisil ang kanyang balikat bago bumaling sa ama para biruin ito. "Pa, 'wag mong takutin si Eliza with horror stories of my childhood, okay?"

"Anak, naman. Hindi ko gugustuhing takutin ang mamanugangin ko, dahil lang sa nagkuwento ako sa kanya how you used to cry and scream kapag pinaliliguan ka ng mama mo until you were about four," ganting biro nito then turned to her smiling. "But I'm sure you already know that, hindi ba, Eliza?"

It took a split second bago niya nakuhang sumagot at mag-react dahil ang utak niya ay nasa halik pa rin ni Greg. Bukod pa roon, hindi siya sanay tawagin by a name other than her own. "Ah, oo nga po."

Napansin niya ang warning yet reassuring look sa mga mata ng binata bago ito tuluyang sumunod sa ina patungong kusina.

"So," Mr. Buencamino patted the seat beside him, "tell me, about your work. It seems to be really

fascinating."

"Uhm, my friend and I own *Fashionista*. It's a boutique which we opened mga three years ago na po. Ako ang nagde-design ng mga damit and accessories namin. Adelle takes care of business," she supplied.

"Designer ka?" Napakunot ang noo ng matanda. "Parang ang nabanggit ni Greg, model ka daw."

"Po?" Her heart began to pound harder. Of course, Eliza was a model! "No! Ah… nag-model ako minsan pero ang work ko talaga is designing."

"Akala ko matatangkad at payat na payat ang mga nagmo-model..." Sinabi ito as if the old man was just thinking aloud.

"Hindi naman po." All of a sudden she was wishing she had not been eating too much lately at sana ay mas matangkad siya kaysa sa 5'4" na taas niya. "Para sa print ad lang po ako nag-pose, so hindi na din important na medyo kulang ako sa height."

Kumunot ang noo ng kausap tanda ng pagkalito pero walang bahid ng galit sa mukha at boses nito. "I thought sa isang fashion show kayo unang nagkakilala ng anak ko?"

"I... ano po…" Dear God, nasaan si Greg? Gusto na niyang maiyak.

How could she have missed that detail? Isa sa pinaka-memorable na gabi ang fashion show na iyon para sa kanya dahil iyon ang naging daan para makilala ang *Fashionista*. Doon din niya unang nasilayan si Greg.

"Eliza," hinawakan ng matanda ang dalawang kamay, "I feel there's something wrong. Kung tama ako, p'wede mo namang sabihin sa akin. I'm not made of glass."

Tumitig siya sa mga mata nito. The warmth, kindness and understanding she saw gave her the strength to finally come out with the truth.

"I'm Julie, pinsan ko si Eliza. Medyo sobrang impulsive 'yun and two days ago, nalaman namin na sumama siya sa kakikilala lang niyang lalaki dahil he promised her a model's gay life sa Hong Kong. She also said in love siya sa lalaking 'yun. Nag-iwan lang siya ng sulat sa akin and left it to me to explain and apologize to everyone about her absence," paliwanag niya.

"At dahil nga may sakit ako sa puso at nagpaka-OA itong si Greg, he asked you to impersonate her

para lang hindi ako mabigla," dugtong nito.

Tumango si Julie.

"Bakit ka naman pumayag?" Hindi pa din nito binibitawan ang nanlalamig niyang mga kamay. "I'm sure naisip mong hindi magiging madali ang magpanggap."

"Hindi ko po alam," she answered lamely, her head bent dahil sa hiya. "Siguro dahil wala akong ma-suggest na ibang solusyon and he seemed so much in need of help. Besides, hindi din po kaya ng konsyensya ko kung biglang atakihin nga kayo dahil sa balitang walang matutuloy na kasal. You seemed too nice a person to suffer an illness dahil sa kagagawan ng pinsan ko."

"How do you know na mabuti akong tao? Hindi mo pa naman ako nakilala until now." Hinawakan siya nito sa baba para magtama ang kanilang tingin, then asked gently, "Mahal mo ang anak ko, ano?"

Gumapang ang init mula sa kanyang leeg hanggang mukha niya and she wished na sana ay lamunin na lang siya ng lupa. Was it so very obvious?

Mabuti na lang, Greg and his mom chose that moment to re-appear kaya hindi niya kinailangang sumagot. "Nakahain na," anang babae.

Siguro ay halatang-halata ang relief sa mukha niya kaya agad siyang tinabihan ng ‘nobyo’. “Pa, bakit mukhang harassed si Eliza?” He took her hand and interlaced his fingers through hers.

Abot-tainga ang ngiti ng matandang lalaki nang sumagot. “Hindi naman, ah. And you don’t have to call her Eliza, alam ko nang si Julie ito.”

“Ano?” nalilitong singit ng nakatatandang babae.

“Greg, stop looking at her like that,” pinagsabihan ito ng ama as he almost glared at her. “Hindi kasalanan ni Julie na very truthful siyang tao.”

“Suppose you explain, anak?” saad ng ina.

“Sorry, Pa, Ma,” he sighed and conceded defeat. Ikinuwento nito ang buong pangyayari.

“Impertinenteng babae!” naibulalas ni Mrs. Buencamino nang mabanggit na ibinilin lang kay Julie ang usapin ng hiwalayan. “Pasensya na, Julie. Nakalimutan kong pinsan mo si Eliza.”

“’Wag na po n’yong alalahanin ’yun,” she reassured her. “Sa katunayan nga po, hiyang-hiya ako sa inyo dahil sa nangyari.”

“Napakamaintindihin mong bata, Julie,” puna

ng matandang Buencamino, smiling warmly at her.

At that point, Julie figured hindi na niya kailangan pang mag-stay at ipagpatuloy ang charade.

"Greg, okay lang ba kung tomorrow na lang ako magpahatid sa bus station?"

"Bakit? You don't mean to say uuwi ka na?" Napakunot ang noo ni Mrs. Buencamino.

"Well, kasi po, with all this misunderstanding settled, hindi naman po yata tamang mag-impose pa ako sa inyo."

"Julie, you know what you're saying is nonsense," ani Greg.

"Oo nga naman, hija," ayon ng papa nito. "Nakapag-leave ka na din lang from work so bakit hindi mo na lang samantalahin ang pagkakataon para makapag-enjoy?"

"Stay, Julie." Tumitig sa kanya si Greg.

Ang mga matang iyon! How could any sane person say no to those beautiful eyes? And that wonderful smile?

She nodded.

# 3

Palibhasa ay ipinanganak at lumaki sa Maynila at walang ibang alam na lugar kundi ang kinalakhan, sinabi ni Julie sa sarili two years ago na dapat ay may mapuntahan siyang bagong lugar sa Pilipinas taun-taon para naman hindi siya mapabilang sa population ng mga Pilipinong tinatawag na 'dayuhan sa sariling bansa.' Kaya lang dahil sa sobrang busy sa trabaho, hindi pa niya natutupad ang pangakong iyon until now, thanks to Eliza... err, to Greg pala.

Napakaganda pala ng Vigan, naisip niya habang naglilibot sila sa Heritage Village. Isang kalye iyon kung saan ang Spanish-inspired architecture ng mga kabahayan pati na ang cobblestones sa daan ay na-preserve bilang historical attraction.

"Para akong wala sa present time," comment niya kay Greg.

Ngumiti ito looking sideways at her. "I'm sure ini-imagine mo na nakadamit ka gaya ng kay *Maria Clara*, nagpapaypay at may hawak na parasol while all the Spanish mestizos mill around you for your attention."

“Ano ba? Hindi yata bagay ang image na gan’un sa akin,” she answered. “I don’t think type ng mga Español ang mga kakulay ko. Tatratuhin lang nila akong Indio.”

“Puwes, I therefore conclude na wala silang taste kung hindi ka nila mapapansin.” Hinila siya nito para maupo katabi nito sa isang bangko na nalililiman ng isang malaking puno ng mangga. “I hope you don’t think I’m hitting on you because of what I said.”

*I was rather hoping that you were*. “Of course not,” she reassured him, thankful for the heat dahil naitago niyon ang kanyang pagba-blush.

Hindi sumagot ang kausap bagkus ay nagbuntong-hininga lang saka nanahimik. Hinayaan niya ito sa pag-iisip nang ilang saglit bago niya sinubukang sulyapan ito. Nakatitig ito sa kawalan.

She felt a little stab of pain in her heart seeing him with this look of longing in his eyes. Hula niya ay iniisip nito ang dating katipan.

“Nami-miss mo siya, ano?” she asked quietly.

Ibinaling ni Greg ang tingin sa kanya, matagal na nakipagtitigan bago sumagot. “Medyo.”

She was not to know na ang talagang naiisip ng binata ay kung gaano kalayo ang pag-uugali niya sa pinsan. Eliza was hardly agreeable kapag namamasyal ito. Parati na lang nagrereklamo sa init, pagod, sa kakulangan ng quality ng mga ipinamimili.

"If she comes back, tatanggapin mo ba siya ulit?" muli niyang tanong, kahit alam niyang maaaring masaktan siya sa isasagot nito.

"Hindi ko alam, honestly," kibit-balikat lang na anito, saka napailing. "I'm sorry, I shouldn't be talking about a woman in front of another woman."

"Eh, ano naman?  Eliza's not just some any other woman, pinsan ko siya at fiancée mo." She hoped she sounded casual enough.

"Ex-fiancée," pagtatama nito.

"Fine, ex-fiancée. Pero the fact na blood relative ko siya doesn't classify her as 'some other woman'," aniya.

"Hindi pa din tama. Besides, hindi ako dapat nag-a-angst sa iyo. I should be making sure you're having fun." Tumayo na ito and held out his hand to her.

"I am having fun," sagot ni Julie as he pulled

her up. Makasama lang kita, maligaya na ako.

“Palagay ko nga, ang dami na nito,” tukoy nito sa bitbit nilang supot ng mga pinamili niyang pampasalubong at mga gamit sa bahay niya.

“Pero di mo pa pinapatikim sa ’kin ’yung pinagmamalaki mong empanada.”

“Bakit? Tapos na ba ang maghapon? Tanghali pa lang, ah.” He smiled mischievously at her.

“Eh, ’yung bibingka?”

“Mamaya, merienda sa bahay.”

“Bagnet?”

“Dinner natin.”

“Longganisa?”

“Ipagpatuloy mo ’yan para pag-uwi natin sa Maynila, pagugulungin na lang kita dahil sobrang bilog mo na,” natatawang tugon ni Greg as he led her to the kiosks selling empanadas.

Palubog na ang araw nang tuntunin nilang muli ang daan pabalik sa mansion. True to his word, sinigurado ni Greg na nag-enjoy siya sa maghapon at nangako pa ito na papasyal sila the next three days sa Ilocos Norte to see the old churches pati

na ang tirahan ng mga Marcos sa Batac at Paoay. Pupunta sila sa Fort Ilocandia at sa Pagudpud para makapaglangoy sa dagat.

"Oh, my God, sasalok ako ng buhangin doon! Nilakaran 'yun ni Tom Cruise n'ung mag-film sila ng *Born on the Fourth of July*!" she exclaimed.

"'Yung buhanginan sa likod ng bahay namin, ayaw mo? Naglalakad ako d'un!" biro nito.

She made a face at him. In fairness, may kaunting hawig naman talaga ito sa nabanggit na *Hollywood* actor, only Greg was so much taller and darker.

"Wish mo." Kinurot niya playfully ang bisig nito.

"Aray." Greg caught her hand, staring into her eyes while laughing.

Sa saglit na iyon, lalong naging mas striking para kay Greg ang layo ng personality ni Julie sa dating nobya. Gusto niya ang pag-uugali ng kaharap—masayahin, confident, honest, very modest, simple pero may elegance sa pagdadala ng sarili. And she was so damned attractive lalo na with that dimple of hers. Gusto niyang mas makilala pa ito nang lubusan.

Napatigil si Greg. Baka naman on the rebound

lang siya kaya niya naiisip ang ganito sa babae. Hindi maganda iyon. Julie did not deserve to be hurt.

"Tayo na," bigla niyang pagyayayang umuwi. "My parents will be wondering kung binili mo na lahat ng merchandise dito sa bayan."

Sa kabila ng ngiti ng binata, nahalata ni Julie ang pagbabago ng mood nito. Alam niyang may kinalaman iyon sa saglit na intimacy na kanilang pinagsaluhan at malaki ang panghihinayang niya na nagtapos ang magic moment na iyon abruptly.

Noon niya na-realize how much she really wanted him to love her. Na sana ay hindi na talaga bumalik at all si Eliza. Na maipagpatuloy nila ang pagiging magkaibigan and maybe, one of these days, baka maisip ni Greg na gusto na rin nitong iangat to the next level ang relasyon nilang nagsimula sa pagpapanggap lang.

---

Kung puwede lang sanang pigilan ang panahon, gagawin ni Julie. Her vacation seemed to be over all too fast samantalang marami pa sana silang gustong gawin at puntahan. It was so true: *Time flies when you're having fun.*

"Maraming salamat po," usal niya kay Mrs.

Buencamino habang nakayakap ito sa kanya.

"Papasyal ka ulit dito, ha? You'll always be welcome." Hinalikan siya nito sa magkabilang pisngi pagkatapos.

"Sige po." Sinulyapan niya si Greg, searching for a reaction that would tell her na baka ito ang una at huling pagkakataon na makasama niya ang mga magulang nito.

However, there was no reaction of that sort. Nakangiti pa nga ito—ngiting masaya at nagsasabing makakabalik siya sa lugar na iyon.

"Greg, siguraduhin mong dadalhin mo dito si Julie kahit pa walang okasyon." Si Mr. Buencamino naman ang nagpaanyaya.

"Basta ba okay lang kay Julie, bakit naman hindi?" Inakbayan siya ng binata.

"'Wag din sana kayong madadala sa akin," turan niya. She held out her hand in thanks to Mr. Buencamino.

"Mag-iingat ka, hija." Niyakap siya nito sa huling pagkakataon at sumakay na siya sa naghihintay na kotse ng binata.

"Tuloy na po kami." Humalik si Greg sa mga ito

bilang pamamaalam. “I’ll be back next weekend.”

“’Ayun naman pala. Hindi ka ba makakasama, Julie?” Sinilip siya ni Mr. Buencamino sa loob ng sasakyan.

Malaki ang panghihinayang niya sa pagkakataong makasama muli si Greg. At siyempre ang mga magulang nito, they must be the foremost reasons. But duty calls. May mabibitin siyang trabaho kung muli siyang aalis ng Manila.

“Sana nga po,” she said sincerely. “Pero, Sir, we’re due to launch our new collection in two months, eh, I’m not even half done with my designs.”

“Julie, ilang ulit kong nasabi sa iyo na mas gusto kong tawagin mo akong ‘Papa’. After all, masaya naman akong maituring din kitang anak,” anito.

Naantig siya sa narinig. Matagal na ring panahon mula nang mamatay ang kanyang ama, at nasasabik din siyang may matawag na ‘Papa’.

“Opo, Pa.” She had tears in her eyes as she waved goodbye.

Malayo na sila ay nakalingon pa siya sa kinatatayuan ng mga ito; hinihintay mawala sa paningin ang dalawang matandang napamahal

na sa kanya kahit pa maikli lang ang panahong pinagsamahan nila.

"Mabentang-mabenta ka, ah." Sumulyap si Greg sa kanya as she finally faced forward.

May ngiti sa mga labi nito, napansin niya. Halatang masaya na naging kasundo siya ng mga magulang.

"Magiliw sila pareho, lalo na ang papa mo. Magkaugali sila ng daddy ko..."

"Ano ba'ng nangyari sa father mo? If you don't mind me asking..." Naalala ni Greg ang pagkukuwentuhan nila noong isang gabi kung saan nabanggit ng dalaga ang tungkol sa kanyang ama.

Julie sighed heavily. Naglalaban sa kanyang kalooban kung gusto ba niyang ikuwento ang circumstances ng pagkamatay nito. She had never spoken about it to anyone, and no one ever asked until now.

"Sundalo ang daddy ko," she heard herself speak. "It was ten years ago, ilang linggo bago ang sixteenth birthday ko. Nag-celebrate kami nang maaga dahil paalis siya for his next assignment sa Cordillera. A week after he left, nabalitaan namin na may engkuwentro sa bundok at kasama ang daddy

ko sa mga napatay."

"I'm sorry." Itinaas nito ang isang kamay para palisin ang luhang dumadaloy sa kanyang pisngi.

She raised the gaze of her tear-drenched eyes. Bahagya niyang napansin na nakaparada na pala sila sa tabi ng highway. Itinigil ni Greg ang sasakyan para makapakinig sa kanya nang mabuti.

Nagpatuloy siya sa pagkukuwento, staring ahead with unseeing eyes.

"Kaya pala ang saya-saya namin. Huling pagkakataon na pala namin ng Mommy na makasama siya that night." She sniffed. "But you know what's worse? 'Yun na din ang huling pagkakataon na nakita namin siya. Kasi hindi naibalik sa amin ng military ang bangkay ng daddy. They couldn't find him. All we ever got was a flag at isang gintong medalya."

Her voice was quiet habang nagsasalaysay. But Greg could almost tangibly feel the pain in her eyes.

"Halos nabaliw ang mommy ko sa pagkabigla. I mean, all our lives alam naman namin kung gaano kadelikado ang buhay ng isang sundalo but it's different when death and tragedy stare at you in the face. Then, I guess sa sobrang pangungulila, sumunod ang Mommy the following year, naiwan

na akong mag-isa. And I miss them so much." She sobbed.

"Come here," bulong ni Greg. Kinabig siya nito para yakapin.  Baka sakaling maibsan niyon ang pangungulila niya.

Noon umiyak si Julie nang lubusan. Hindi lang tahimik na pagluha, kundi hagulhol na parang kahapon lang nangyari ang pagkamatay ng kanyang minamahal na mga magulang. She felt him hold her tighter, his lips pressed against her temple. She heard him whisper endearments bilang pag-alo. At kaiba sa dating nararamdaman niya tuwing mapapalapit siya rito, wala ang usual kilig element. Instead, she felt as if she was really meant to be in his arms.

Nang palagay niya ay naiiyak na niya lahat, she disentangled herself from his embrace.

"Pasensya ka na." Pinunasan niya ang basang mukha gamit ang panyong inabot nito sa kanya. "I didn't mean to break down."

"Ano ka ba? It's okay." Kinuha nito ang kanyang kamay.  "And stop biting your nails, parati mo na lang ginagawa 'yan kapag feeling uneasy ka. Nasasayang ang ganda ng shape ng kamay mo."

Greg remembered those instances—sa

apartment nang sabihin ni Julie na naglayas si Eliza, nang balikan niya ito sa receiving room ng kanilang bahay sa Vigan kausap ang kanyang papa, habang namamasyal sa Heritage Village nang humingi siya ng paumanhin sa mga pahaging niyang hirit.

"Para kang si Adelle," nangingiting sabi ni Julie.

"Parati ka din niyang pinapansin sa bad habit mo?"

Tumango ang dalaga.

"Okay ka na?" Hinawi ni Greg ang ilang hibla ng buhok na nakatabing sa mukha niya.

"Thanks." Nginitian niya ito.

Nanatiling nakaharap kay Julie ang binata, his eyes held her tenderly. "Have you ever talked about your parents' death before?"

"No," sagot ni Julie. "Hindi ko nga alam kung paano ko nasabi sa iyo, samantalang kung tutuusin hindi naman talaga tayo close friends."

"I'm sorry, hindi close friends?" Nagpanggap itong nasaktan sa sinabi niya.

"No, I mean…" natatarantang sabi niya.

"Matapos ang isang linggong ipinasyal kita

at ipagbitbit ng mga ipinamili mo." Patuloy ito sa pagdaldal as he put the car in gear and pulled away from the curb.

"Ano ba, Greg?" Natawa na siya. Naintindihan na niyang binibiro siya nito.

"Bakit nagtagal na hindi mo man lang nai-share kahit sa best friend mo ang tungkol sa parents mo?"

Nagkibit-balikat siya. "After my mom died, naging foster family ko sina Eliza. Close naman ako sa kanila, at mababait sila sa akin, but her parents always told me not to cry kasi dapat matapang daw ako. So I've never really given in."

Napailing ito. "Hindi ko alam kung bibilib ako sa threshold mo for pain or shake you dahil sa ginawa mong pagpapahirap sa sarili mo."

"Okay na, at least hindi ako nagkasakit. Or I didn't end up na na-involve sa bisyo."

"Well, I can share my parents with you. Tutal napamahal ka na din sa kanila," he told her. "At mula ngayon, nangangako ako, I'll be here for you kung kailangan mo ng kadamay. I won't ever tell you not to cry just because you need to be brave."

Isang matamis na ngiti ang itinugon niya rito.

With that, naisip ni Julie, baka nga hindi imposible. Hindi imposible ang pagkakataon na somehow magkamabutihan sila.

# 4

Matamang inoobserbahan ni Henry ang kaibigan as he stood by Greg's office door.

"You know," bati nito, "for someone na iniwan ng fiancée, ikaw lang ang nakita kong parang walang trahedyang iniinda."

"Bakit mo naman nasabi 'yun?" Greg looked up from his computer screen.

"Wala naman. Most of the time kasi mukha ka namang seryoso pero may mga instances kapag akala mo walang nakatingin, bigla ka na lang ngumingiti. Are you on drugs, pare?"

Alam niya ang sinasabi nito. Kasal na sana siya by now kung hindi siya tinakbuhan ni Eliza. Most guys he knew would have been wallowing in liquor and in other women, kung sa kanila nangyari ang ganito. Hindi sa nagmamalinis siya, maaari rin namang ganoon ang nagawa niya. Pero may dahilan ang sekretong pangiti-ngiti niya.

"Hindi ako nag-a-addict, don't worry," sagot niya habang muling nabubuo sa isipan ang nakangiting mukha ni Julie.

“So ano nga? May nakuha ka nang kapalit, ano?” Ngumisi ito.

“Henry, wala ka bang kliyenteng imi-meet sa labas in the next two minutes?” Hindi niya gustong i-discuss sa kaharap ang tungkol sa dalaga.

“Maganda ba?”

Isang impatient na buntong-hininga ang pinakawalan ni Greg. “I really do not wish to talk about her.”

“Her? So meron ngang iba?” he announced triumphantly. “Iba ka din talaga, pare! Ang bilis mong magtrabaho. Balak mo bang seryosohin o pampalipas-oras mo lang?”

“Pare, may nira-rush akong ad campaign at may dinner meeting din ako in an hour. Kung wala kang importanteng sasabihin tungkol sa trabaho, puwede bang lubayan mo muna ako, please?” he said this good-naturedly para mawala ang paghihinala nito, kahit pa gusto niya sanang suntukin ito sa sinabi.

“Okay, okay, pakakawalan kita ngayon. Pero, pare, bilang kaibigan mo, ipinapaalala ko lang na entitled akong makuwentuhan,” anito as he left.

*That’s what you think*, pahabol niya sa isip as

he watched Henry leave. *I would rather keep Julie to myself kung sa iyo lang din ako magkukuwento.*

Binalikan ni Greg ang final checklist para sa launch ng summer collection ng *Fashionista*. Normally, he had a team working on such things. Bilang Executive Director ng ahensya, hindi na niya kailangang gawin ang mga ganito personally and from scratch. But circumstances led him to do it.

Medyo biglaan ang pagdedesisyon niya na i-offer ang expertise ng agency sa dalaga. At the time, it had been almost a month mula noong makabalik sila sa Maynila from that week-long vacation they had together in Ilocos. Sa araw-araw na nagdaan mula noon ay nahuhuli niya ang sariling hinahanap-hanap ang presence nito—her voice, her smile, the scent of her hair, the warmth of her small hand in his. He never thought the mad idea that he proposed her would bring him a feeling as strange as this.

Pagkatapos naisip niya ang boutique at ang napipintong special event na naaalala niyang nabanggit ni Julie, and the solution to his need finally presented itself.

Hesitant si Adelle, ang business partner ni Julie, initially. Wala raw ganoon kalaking budget ang mga ito para mag-hire ng isang professional team to re-

define and reposition their image. Inako niya ang creatives ng kampanya, working on it na halos pro bono, para lang mapaloob sa nakahandang budget ang proyekto… at parati niyang makasama at makita si Julie.

So for three weeks now, in between meetings, conferences, lectures and his administrative functions, isinisingit niya ang pagdidisenyo ng print advertisements at paggawa ng copy para sa television at radio plugs, maging ang pagsiguro sa placements ng mga ito.

Patapos na siya sa ginagawang design ng billboard nang mag-alarm ang kanyang cellphone. *Pick-up Julie for dinner.*

May bahid ng ngiti sa labi niya as he dialed her number.

“Hello?” Narinig niya ang sagot nito.

“Hi, Jules,” malambing na bati niya. “I’m running a bit late. Gutom ka na ba?”

“Medyo, pero hindi pa ako tapos sa work, eh. Nandito pa nga ako sa San Juan, nagpi-fitting pa kami.”

“Oh, okay, diyan na lang kita susunduin. I should

be on my way in about twenty minutes, sandali na lang ito."

"It's okay, take your time. See you," pamamaalam nito.

He sat back and stared at the design he made. Naisip niyang ito na ang pinakamagandang disenyong nagawa niya sa buong career niya sa advertising. Dati-rati ay dala ng technical expertise ang perfection ng trabaho niya. This time, his work had heart.

---

"Julie, puwede ba tayong mag-usap?"

Ganito ang bati ni Adelle as soon as she walked into the hotel room. Naka-check in na sila sa *Peninsula Manila* maaga pa lang para sa preparations ng fashion show na gaganapin sa Grand Ballroom sa gabi ding iyon.

"What's up?" nagtatakang balik niya. Ngayon lang niya nakitang sobrang uneasy ang kaibigan. At hindi nagtataray.

Kinabahan siya. Baka may sabit sa event ngayong gabi at expensive ang kailangang solusyon.

"P'wede mo naman akong sabihan to mind my

own business pero ipinapauna ko nang kaya ko lang sinasabi ito is because concerned ako sa iyo."

Naintindihan na niya ang patutunguhan ng usapin: si Greg.

She had started to lift her hand to her mouth nang maalala niya ang sinabi ni Greg na nasisira ang shape ng fingernails niya dahil parati niya itong kinakagat. Ikinuyom na lang niya ang kamay and waited for Adelle to elaborate.

"Jules, alam ko for the longest time na sobra ka nang in-love kay Greg…" Nagitla siya sa narinig. She always thought walang hinala ang kaibigan sa nararamdaman niya para sa binata. "… and somehow, masaya ako na masaya ka sa closeness ninyo these days."

"But?" She bit her lip as she put down her bag and fished out her color swatches and her sketch pad.

"I'm worried kasi na baka kaya siya attentive sa iyo ay dahil kahawig mo si Eliza, at nami-misappropriate niya sa iyo ang nararamdaman niya para sa pinsan mo. I don't want to see you get hurt."

Alam niya ang basehan ng sinasabi nito. Hinahayaan niya ang sariling pamunuan ng

damdamin dahil inaasam niyang matutunan siyang mahalin ni Greg kapag napalapit siya rito.

And she had dared to build on that hope mula nang magkaroon ng ugnayan ang trabaho nila sa isa't isa, at parating may pagkakataon na magkausap sila, magkita at kumain nang magkasama.

Nagbuntong-hininga si Julie. Now, there was no use pretending in front of Adelle na platonic lang ang nararamdaman niya para sa dating katipan ng pinsan.

"Alam ko," simpleng sagot niya sa kausap, busying herself with putting on the final appliques sa damit na naka-drape sa mannequin.

"Pero wala kang balak gawin para maprotektahan ang puso mo." Isa iyong statement, hindi tanong.

Inilapag niya ang hawak na gunting at pin cushion sa dressing table saka humarap sa kaibigan. "Adelle, salamat sa concern. Pero I love him more than anything in this world. Kung walang kahihinatnan ang relasyon na ito, wala akong magagawa. Sa ngayon, gusto ko lang lubus-lubusin every single chance I have para makasama siya… to be someone and something to him kahit pa posibleng hanggang dito lang talaga kami at malaking ilusyon

ang maghangad ako ng something beyond the friendship."

"Basta, sister, 'andito lang ako, ha." Niyakap nito si Julie nang mahigpit.

"Thanks, girl." May bahid ng luha sa mga mata niya nang bumitiw ito.

"Ano ba? 'Wag ka ngang umiyak. You know as well as I, na lalong lumiliit ang mga mata mo kapag mugto. Paano ka magme-makeup niyan?" Pabirong tinampal siya ng kaibigan sa balikat.

Habang patuloy ang kanilang biruan ay tumunog ang doorbell kasunod ng tatlong magkakasunod na katok sa pinto.

"Nag-order ka ba ng room service?" tanong niya.

"Hindi. Baka si Ken," tukoy nito sa sales distributor nila sa Thailand.

"Hello sa inyo." Boses ng isang lalaki ang bumati pagbukas ng pinto pero hindi si Ken iyon.

"Hi, Greg!  Pasok ka," salubong ni Adelle sa bagong dating.

"Hey, Julie." He went straight to where she was stooped over the mannequin.

Dahil nataranta, nagkamali siya ng tusok sa tinatahi. Nahagip ng karayom ang kanyang hinlalaki.

“Araykupo!” Her thumb went straight to her mouth.

“’Ayan, natusok si Julie,” singit ni Adelle as she went back to get her clipboard from the bed. “Ilang seconds na lang magko-collapse na ’yan at makakatulog for one hundred years.”

“Gan’un ba?” Kinuha ng binata ang kamay ni Julie na nasugatan and examined it closely. Pagkuwan ay nilapatan nito iyon ng halik. “Better?”

Hindi pa rin sanay sa attention ni Greg sa kanya, she gently snatched back her hand and went back to her sewing. “Hindi ako puwedeng makatulog. Baka walang gumising sa akin, pa’no na’ng fashion show tonight, aber?”

“Abangan mo na.” Kay Greg pa rin nakatuon ang sinasabi ni Adelle, “Baka kailangan mong halikan ’yan nang totohanan para magising.”

Gusto niyang sipain ang kaibigan.

“Puwede....” mahinang comment ng lalaki.

Julie looked up surprised and found him intently gazing at her kneeling figure. “Yes, Greg?” *Puwede*

*akong halikan?*

Nagkibit ito ng balikat. "Is this your outfit for tonight?" Itinuro nito ang kanyang tinatahi.

"Yup," she said with pride. Simple lang ang damit pero talagang one-of-a-kind ang disenyo na tipong mga tulad niyang designer lang ang may kakayahang magsuot na hindi magmumukhang pinagtagpi-tagping retaso.

"Puwede nga," ulit nito.

"Greg, ang alin? Kanina ka pa diyan, ha." She straightened up.

"I mean puwede ngang *Sleeping Beauty*. Ang ganda ng damit, pangprinsesa ng fashion. And to top it all, maganda ang magsusuot. I thought for a while baka kailangang palitan ang title ng fairy tale mo."

"Meaning?" Pinamaywangan niya ito. Ngunit ang kalooban ay naghihimagsik. *Tsk! Ibig sabihin, hindi niya naisip na halikan ako?*

"Sleeping. 'Yun na, walang beauty." A smile tugged at the corners of his mouth pero hindi nito kinayang pigilan ang tuluyang matawa dahil sa panunuksong ginawa.

"Ah, gan'on?" She advanced toward him menacingly and poked his shoulder nang maabot iyon.

"Biro lang." He quickly caught her hand and hugged her.

"I'm outta here," singit ni Adelle habang patungo sa pinto. "Alam ko na ang kasunod na mangyayari sa eksenang ito—you guys will end up stabbing each other to death, or making love on the floor. Either way, ayokong maging star witness. I'll go down sa ballroom, baka may kung ano na'ng milagrong nangyayari doon."

"Don't mind her," ani Julie sa binata as she self-consciously pushed him away para balikan ang pananahi. Kahit pa malamang ay obvious nang in love siya rito, hindi pa rin naman niya isusuko ang sarili by bluntly verbalizing that fact.

"Ready ka na ba for tonight?" Naupo ito sa kama, tahimik na pinanonood siya sa ginagawa.

"I think so." Ibinuhol ni Julie ang sinulid and stood up to take off the dress from the mannequin. "Bakit ka nga pala nandito? I thought you said may meeting ka na di mo sure kung anong oras matatapos."

*Mas gusto kitang makita*, he wanted to say. “Cancelled. May emergency concerns daw na aasikasuhin ’yung ka-meeting ko. And since I’m unexpectedly free of any appointment, naisip kong pumunta na lang dito nang maaga at yayain kang magkape if you have the time.” Greg reached out para hagurin ang kanyang buhok.

Parang gusto nang mahimatay na talaga ni Julie. Ano kaya ang pakiramdam kung humilig na lang siya sa dibdib nito?

“Oh, uhm...” Sumulyap siya sa suot na relo. “Okay lang ba kung um-order na lang tayo ng room service? I still need to fit the dress.”

“Oo naman.” He picked up the phone at once. “Just do what you have to do, dito lang ako. Want some sandwiches?”

“Parang hindi ko kayang kumain.”

“You have to eat something, honey, baka mag-collapse ka sa gutom at pagod later. I know how tiring these things are. Model ang ex-fiancée ko, remember?”

Honey? Pero binanggit ang ‘ex-fiancée’ in the same breath. “Ah, fruit platter na lang siguro. Thanks,” aniya as she quickly went into the bathroom

to change.

Matagal na nakasandal lang si Julie sa pintuan ng banyo pagkasara niyon. Mentally ay pinagagalitan niya ang sarili sa pagiging ungek sa binata. Tama si Adelle. Misappropriation ang nararamdaman ng binata para sa kanya. Sa pagkakabanggit nito sa salitang ‘fiancée’ ay naging malinaw sa isip niya na hindi pa rin nito nakakalimutan ang babaeng dapat ay asawa na nito ngayon.

*But how do I explain the longing in his eyes tuwing titingin siya sa akin?* sigaw ng puso niya.

She tugged impatiently at her shirt and pants para makapagpalit na ng damit. *Stop it, Julie. For once pakinggan mo si Adelle. Natural na cariñoso si Greg, mabait, maalaga. Pero hindi ikaw ang mahal niya.*

Pakiramdam niya ay gusto niyang masuka.

---

Pagkatapos mag-order, naupo muli si Greg sa kama at nagbukas ng TV. Palipat-lipat siya ng channel dahil walang palabas na makakuha ng interest niya. Sa totoo lang, ang gusto lang niya ay makita at makatabi ang babaeng kasalukuyang nasa loob ng banyo.

Magtatapos ang ugnayan ng kani-kanilang kompanya sa gabing ito, sa isip-isip niya. Ibig sabihin din noon, posibleng dumalang na ang pagkikita nila ni Julie. Kaya ba niya iyon? Julie had been his reason for happiness these days. Kulang na nga ang araw niya kung hindi niya marinig man lang ang boses nito.

He sighed. Bakit naman kailangang magtapos ang ugnayan nila with the project? Hanggang doon lang ba ang connection nila sa isa't isa? Puwede naman niyang tawagan pa rin ito, o kaya ay yayain for a relaxing meal at a romantic, cozy restaurant. Friends do that all the time.

Friends? Hindi na yata sila friends lang. Nahuhulog na ang loob niya rito. Dapat na ba niyang aminin iyon kay Julie? What if maisip ni Julie na kaya siya patuloy na nakikipagkita ay dahil iniuugnay niya ito kay Eliza? After all, siya ang nagtanim sa isip nito na magkamukha ang magpinsan. Handa ba siyang tumanggap ng rejection kung sakali?

Wala pa rin resolve sa isip niya nang lumabas ang dalaga.

Napatigagal siya. "Wow…." was all he had managed to say.

Eliza was glamorous to look at. Pero si Julie... She looked like a vision, isang diwata sa mundo ng mga fashion divas.

“Pasado ba para maging next top model?” usisa nito nang hindi siya agad nagsalita.

“More than that, itataob mo silang lahat.” He smiled brightly.

Pagkasabi noon ay tumunog ang cellphone ng binata. May kung anong sumikip sa bahagi ng lalamunan ni Julie. Oh, God, baka si Eliza!

“Hi, Ma!” masayang bati nito na ikinaluwag ng dibdib niya.

*Praning!* sita niya sa sarili as she went in front of the mirror to examine her eye makeup.

Mula sa masayang ngiti ay kitang-kita ni Julie ang biglang pagdidilim ng mukha ni Greg, malinaw na may hindi magandang pangyayari.

“What’s wrong?” Agad ay nasa tabi na siya nito.

Itinaas nito ang kamay bilang senyas. “Bakit ngayon n’yo lang sinabi?” Saglit itong tumahimik. “But he’s okay?” Pinakinggan muli nito ang sagot sa kabilang linya. “Sige, I should be there by morning, mga six in the morning siguro.” Nagpaalam na ito sa

kausap saka naupo at ipinikit ang mga mata.

"Ano'ng nangyari?" Tinabihan ito ni Julie.

"Nasa ospital ang Papa. Nag-complain daw the other night na nagsisikip ang dibdib. Then after a while, nangangasul na 'yung labi niya. Ni-recommend agad ng cardiologist na mag-undergo siya ng Angioplasty para ma-open 'yung nagsisikip na arteries and now, he's recovering."

"Oh, no... Halika na, Adelle can handle the show." Kumilos siya para kunin ang bag pero pinigilan siya ni Greg.

"Puwede namang patapusin na natin 'yung show. Okay na ang Papa, there's no need to panic," paliwanag nito.

"But..." nagsimula siyang tumutol.

"Julie," he shook his head firmly and framed her face in his hands, "sabi ni Mama, tomorrow is fine. 'Wag ka nang masyadong mag-alala, okay? For now, kailangan mong kumalma, eat your dinner and look beautiful for the crowd."

Huminga siya nang malalim. She nodded finally, bilang pag-ayon.

She was halfway through her plate of fruits and

second cup of coffee nang magbalik si Adelle na humahangos.

"Julie, nariyan na ang media guests natin, kailangan mo na sila harapin. Hinahanap ka na nila for interview."

Dumerecho sa banyo ang kaibigan niya para magpalit ng blouse at sapatos.

"Sana tapos na agad ito." Binitbit niya ang evening clutch, nag-aalala pa rin sa ama ni Greg.

"Kaunti na lang, tiisin mo na. We'll leave as soon as you take your bow." Niyakap siya ng binata then surprised her with a light lingering kiss on the lips. "Good luck."

Hindi niya sigurado kung na-clear ng halik na iyon ang sapot na nakabalot sa utak niya, o kung lalo lang nag-agiw ang sentido niya. Bukas na lang niya iisipin.